

1

Paulit-ulit mang i-review ni Anya ang hawak na financial report ng *Hizon Construction* ay isa lang ang conclusion na pumapasok sa kanyang isip.

“This can’t be!”

Isang buwan pa lang halos nang hawakan niya ang reins ng kompanya matapos mamatay sa isang plane crash ang kanyang mga magulang. At di pa man ay sumasakit na ang kanyang ulo.

Tumayo siya at lumabas ng opisina. Tiyak ang mga hakbang na tinungo niya ang opisina ng kanyang nakatatandang kapatid na si Mark, ang vice president ng kompanya.

“Kuya Mark, p’wede ba kitang makausap?”

Ibinaba nito ang telepono at sinenyasan siyang pumasok.

“Anya!” Ngumiti ito, pagkuwan ay nagsalubong ang mga kilay nang makita ang kanyang anyo. “What seems to be the problem? Bakit ganyan ang hitsura mo?”

Inilapag niya sa mesa nito ang financial report.

“Alam mo na ba ang tungkol diyan?”

Dinampot nito ang folder at isa-isang binasa ang mga papeles.

“Saan mo nakuha ang mga ito?” takang tanong nito.

“I’ve requested it. Gusto kong malaman ang financial status ng kompanya. Kuya, halos sampung milyong piso ang nawawala sa atin!”

Tinitigan lamang siya nito, the crease on his forehead deepened. “Sigurado ka ba?”

Her hands went up in frustration. “Kuya, I know I’m a jeweler at wala akong alam sa mga debits at credits. But I don’t need to be an accountant para maintindihan ang report na iyan. It’s clear and simple! May mga nakita akong questionable accounts, mga tseke na ginamit sa mga transactions na parang wala namang kaugnayan sa kompanya. I think may nagnanakaw ng pera ng kompanya.”

Sa kanyang pagkabigla ay tumawa ito nang marahan at bale-walang ipinatong uli ang folder sa mesa.

“That’s a very serious accusation, Anya. Do you have evidence to prove your suspicion?”

“Pero, Kuya...”

“I’m sure may explanation ang finance department tungkol sa bagay na iyan. And besides, you’ve only been here for less than a month. Sigurado ka bang napag-aralan mo na ang lahat ng transaksyong pinasok ng kompanya? Hindi sapat ang instinct, Anya. You’ve got to have proof.”

Sandali rin siyang nagtanong sa sarili. Tama ito na hindi sapat ang simpleng kutob lang. Pero instinct na niya ang nagsasabing may anomalya talagang nangyayari.

Hindi pa rin kumbinsidong sinulyapan niya ang kapatid. Mark stood up and went behind her. Ipinatong nito ang dalawang kamay sa kanyang mga balikat, and massaged her tensed muscles.

“Relax, Anya! You’re taking your job too seriously.”

Ibinulong iyon sa kanya ng binata. Napapiksi siya nang tumama sa pisngi niya ang mainit na hininga nito. She stood up instantly, bagay na ipinagtaka ng lalaki. Pero kaagad ding bumalik ang casual expression nito.

“I’ll look up into that. Kakausapin ko si Lemuel regarding the report.”

She nodded and smoothed her skirt. For some reason ay kinakabahan siya. She had the urge to run away from Mark's office, away from Mark himself. And it's very odd!

“S-sige. Mas mabuti pa nga. Tatal nama'y mas sanay ka sa ganyang mga bagay kaysa sa akin.” Isang alanganing ngiti ang ibinato niya sa kapatid. “Babalik na ako sa opisina ko.”

Palakad na siya sa pinto nang hawakan nito ang isang braso niya. Again, she felt that unsettling feeling.

“Wala man lang ba akong goodbye kiss from my little sister?”

It wasn't as if he was asking her to undress. Pero hindi pa rin niya talaga nagustuhan ang kislap sa mga mata nito. Still, she tiptoed and planted a quick kiss on his cheek. Pagkatapos ay nagmamadali na rin siyang lumabas.

Daig pa niya ang tumakbo nang ilang milya nang makabalik sa kanyang opisina. Malakas ang tibok ng kanyang puso at humihingal siya. Natatakot siya!

Pero saan? Kanino? Kay Mark?

Nakakatawa mang isipin, pero hindi na niya

maipagsasawalang-bahala ang discomfort na nararamdaman niya kapag malapit sa kapatid. Para kasing iba ang pakiramdam niya kapag hinahawakan siya nito o di kaya ay hinahalikan. And it's absurd para makaramdam siya ng malisya dahil magkapatid sila!

Kumuha siya ng tubig at uminom para mawala ang kanyang kaba. Bahagya namang bumuti ang kanyang pakiramdam. Naiiling na umupo siyang muli sa harap ng mesa at ipinagpatuloy ang pagbabasa ng iba pang dokumento tungkol sa kompanya.

“Ano? What do you mean alam na niya?” tanong ni Cleo sa kasintahang si Lemuel, ang manager ng finance department.

“Like I said, alam na ni Anya ang tungkol sa nawawalang pera sa kompanya.” Frantic na pagkakasabi nito.

Nagmura ang babae. Tumayo ito at isinuot ang roba.

“Paano niya nalaman? Akala ko ba’y malinis ang ginagawa mong trabaho?”

“Oo nga. Akalain ko bang sa bobo kong assistant

hihingin ng kapatid mo ang report? May balak yatang sumipsip sa bagong presidente ang loko kaya hayun, nagpasa ng report nang hindi man lang sinasabi sa akin!”

“Peste!” Nagsindi ng sigarilyo si Cleo at lumabas sa terrace. Madilim na madilim ang mukha niya. Kahit kailan talaga ay sagabal sa mga plano niya si Anya. Kung bakit kasi dumating pa ito sa buhay nila.

Anya grew up having most of their parents’ love. Mula pa noong maliliit sila ay ito na ang paborito lalo’t ito ang bunso. She had the best of everything; clothes, toys, gifts. Anya went to the best school samantalang siya ay sa isang ordinaryong pribadong eskuwelahan lamang nag-aral. At nito ngang mamatay ang mga kanilang mga magulang ay kay Anya ipinagkatiwala ang buong kompanya gayung mas may karanasan si Mark sa pagpapatakbo niyon. And what’s pissing her more was that, her brother did not seem to mind. Dahil pati ito ay paborito rin si Anya.

Muling napamura ang babae at pinanay-panay ang hitit ng sigarilyo. Shadows of worry masked her beautiful face.

“Ano’ng gagawin natin, Cleo? Kapag nalaman ni Anya ang pinaggagawa nati’y malalagot akong tiyak!”

Sumagot siya sa isang mapanuyang tinig, “Natin?” Nilingon niya ang binata at inismiran. “Hindi ba’t ikaw lang naman ang nagnanakaw ng pera sa kompanya?”

Manghang napatitig ito sa kanya. Sandaling kinakitaan ito ng kalituhan, subalit bumalik din ang madilim nitong anyo.

“Huwag mong sabihing balak mo akong iwan sa ere?”

Cleo laughed dubiously. Umiimbay ang balakang na dahan-dahan siyang lumapit sa lalaki, idinikit ang katawang natatakpan lamang ng roba sa katawan nito. Her action elicited a deep breath from him. Lihim siyang napangiti.

“Ikaw naman, Lemuel. Hindi ka na mabiro.”

“Mahal ko ang trabaho ko, Cleo. Alam mo iyan! At oras na malagay ako sa alanganin ay magsa-suffer ang pamilya ko.”

Ikinawit niya ang dalawang braso sa batok nito.

“Masyado ka lang kasing tensed. Relax! Ako na ang bahalang umisip ng paraan kung paano natin malulusutan ito.” Her fingers trailed downward and unbuckled his belt. Biglang naging abnormal ang

paghinga ng lalaki at panay rin ang lunok.

“P-paano kapag nalaman ni Mark?”

She laughed again. Umatras siya nang kaunti upang hubarin ang suot na roba. Humantad sa paningin ni Lemuel ang hubad niyang katawan.

“Ako na ang bahala sa kapatid ko. In the meantime, bakit hindi natin sulitin ang ipinunta mo rito?” Nahiga siya sa kama at naghintay.

Dagling nawala ang agam-agam sa mukha ng lalaki. Namungay ang mga mata nito habang mabilis na hinuhubad ang sariling kasuotan. Cleo bit her lower lip in excitement.

“Ipapa-audit ko ang mga libro ng kompanya,” mahina ngunit mariing pahayag ni Anya.

Kapwa natigilan sa pagkain ang dalawang katabi sa narinig.

“Ano?” Si Cleo ang higit na nabigla. Si Mark ay kaswal lamang na ibinaba ang kubyertos na hawak. “Anya, ano na naman ba ang pumasok sa utak mo? Bakit ipapa-audit mo ang mga libro ng kompanya?”

“Nawawalan ng pera ang *Hizon Construction*. At

hindi iyon barya-barya lang. And I'm not convinced sa paliwanag ni Mr. Arceo." Si Lemuel ang tinutukoy niya.

"Si Kuya lang, ako at si Lemuel ang signatories ng tseke sa kompanya. At dahil imposible namang si Kuya ang may pakana ng pagkawala ng pera—"

"So, you figured na baka si Lemuel ang culprit," Cleo remarked scornfully. "The ever know-it-all little sister! My, you never really failed to amaze me. Considering na wala ka naman talagang alam sa pagpapatakbo ng negosyo."

Nasaktan siya sa walang ligoy na sumbat ng kapatid, ngunit binale-wala na lamang iyon ni Anya. Sanay na siya na palagi silang may hindi pagkakaunawaan ni Cleo. Mga bata pa sila ay ugali na nitong i-provoke siya.

"I'm doing my best, Cleo. Kaya nga gusto kong malaman ang nangyayari sa finances ng *Hizon Construction*. Concerned lang ako sa naipundar ng mga magulang natin. Ayokong masayang ang pinagpaguran nila."

Hindi na niya binanggit na bukod sa kahinahinalang expenses ng kompanya ay natuklasan din niyang ilang ulit na silang natalo sa bidding. At palagi

na'y isang kompanya lang ang nakakatalo sa kanila. She might be a jewelry designer, pero nagtapos din naman siya ng Business Administration. At kahit pa wala siyang gaanong karanasan sa pagpapatakbo ng isang malaking negosyo, base sa mga natuklasan niya, she didn't have to be a genius to figure out something was amiss.

“Concerned ka ba talaga sa kompanya o interes mo lang ang tinitingnan mo?” Ayaw pa ring patalo ni Cleo.

“What do you mean?”

“Ang sabi mo nga'y tatlo lang kayong pumipirma sa tseke. At imposibleng magdispalko ng pera si Kuya Mark. Paano kung ikaw naman talaga ang magnanakaw at naghahanap ka lang ng bubuntunan ng sisi para mawala sa iyo ang atensyon?”

Nahigit niya ang hininga.

“Cleo, that's enough!” awat ni Mark sa kapatid.

Ngunit nakakita ng alas ang dalaga.

“Natigilan ka? Did I hit a nerve? Tama ba ang hinala ko?” Nakangisi ito at nakatitig sa kanya.

Naningkit ang mga mata niya sa galit.

“Hindi mo alam ang sinasabi mo. Wala akong ninanakaw sa kompanya!” she uttered impulsively.

“That’s enough!” sigaw na ni Mark. Kapwa sila natahimik ni Cleo. “Ano ba kayong dalawa? Nasa harap tayo ng pagkain!”

“Pagsabihan mo kasi iyang paborito mong kapatid!”

“Cleo!”

“Oh, come on, Kuya. Alam mong isang malaking kalokohan ang iniisip ng babaeng iyan. Idinidiin niya si Lemuel.”

“Wala siyang idinidiing tao, Cleo. At tama lang na ipa-audit ni Anya ang mga libro ng kompanya para malaman na talaga kung may gumagawa ng di maganda sa atin.”

Hindi makapaniwalang binalingan ni Cleo ang kapatid na lalaki.

“You mean papayagan mo ang gusto ni Anya?”

“Technically, wala akong magagawa doon dahil mas mataas ang posisyon niya kaysa sa akin.”

“Pero, Kuya, nakalimutan mo na ba kung sino si Lemuel? Anak siya ng dati nang accountant ng

Daddy!”

Parang nauubusan na ng pasensyang hinarap ni Mark si Cleo.

“Iba si Tito Perry kay Lemuel. At kahit pa kilala na natin siya, that doesn’t make him unaccountable.”

She eyed them with contempt. “You’re both crazy!”

Mahinahong ibinalik ni Mark ang pansin sa pagkain. “Kung walang itinatago si Lemuel ay wala ka ring dapat ikatakot, Cleo,” makahulugang pahayag nito.

Nagdadabog na tumayo si Cleo at nagmartsa palabas ng dining room. Naiiling na tinitigan na lamang ni Anya ang papalayong kapatid.

“Kumain ka na, Anya. Huwag mo na lamang pansinin ang isang iyon,” utos ng kapatid na lalaki.

Matamlay na muli niyang dinampot ang kutsara at tinidor. Habang lumalaon ay lumalawak ang gap nila ni Cleo at hindi niya kagustuhan iyon. Hindi rin naman niya maintindihan kung bakit mainit ang dugo nito sa kanya gayong wala siyang ginagawang masama.

Isang malalim na buntong-hininga ang

Anya's Keeper - Doreen Laroya

pinakawalan niya.

2

Nasa basement parking area si Anya at naglalakad na papunta sa kanyang kotse. Katulad ng nagdaang mga gabi ay inabot siya ng hanggang alas onse sa pagtatrabaho.

Hindi naman niya kailangang puwersahin ang kanyang sarili. But she wanted to learn everything as quickly as possible. Gusto niyang patunayan sa mga kapatid at sa ibang tao na karapat-dapat siya sa posisyong ipinagkatiwala sa kanya.

Kinukuha niya ang electronic key sa kanyang bag nang may biglang humablot sa kanya mula sa likuran. Suddenly, she was imprisoned in a choking grip, her left arm held tightly by her assailant. Nagpumiglas siya ngunit mas lalo lang humigpit ang pagkakasakal ng braso nito sa leeg niya. She was already having difficulty breathing. Hindi rin niya magawang sumigaw.

“Huwag kang maingay kung ayaw mong dito pa lang ay pilipitin ko na ang leeg mo!” Naamoy niya ang alingasaw ng sigarilyo sa hininga nito at gusto niyang masuka.

Her fear doubled. Alam niyang hindi ito nagbibiro. Ipinikit niya ang mga mata at pilit kinalma ang sarili. Hindi siya dapat mag-panic. She had to think of something!

Binalikan niya sa isip ang self-defense video na minsan ay napanood niya sa *YouTube*. Baka puwede niyang subukan! Alam niyang mas malakas ang lalaki sa kanya, but it's worth trying. Kaysa naman hayaan na lang niyang kaladkarin siya nito papasok sa isang itim na van nang walang kalaban-laban. Mas mahihirapan siyang makatakas oras na maipasok siya sa sasakyan. And who knows kung ano ang binabalak nitong gawin sa kanya.

Sa sarili ay bumilang siya ng tatlo. Pagkatapos ay bigla siyang nag-ninety-degree turn pakaliwa, paharap sa kanyang assailant, at bigla ring tumuwad. Lumuwag ang pagkakasakal nito at nagawa niyang makawala. Ubod-lakas niyang sinipa sa tagiliran ang lalaki kaya nabitiwan nito ang isa pang kamay niya.

Kahit hinihinal ay mabilis siyang tumakbo palayo. Minsan siyang nadapa dahil sa high heels. The fall must have bruised her knee dahil nakaramdam siya ng hapdi nang muling bumangon. Nasa likuran pa rin niya ang lalaki.

Alam ni Anya na hindi niya kakayaning tumakbo

nang mabilis. Nagkubli muna siya sa gilid ng isang AUV. She crouched lower, very still. Alam niyang malapit lang ito sa pinagtataguan niya.

“Lumabas ka na, Miss Anya! Hindi mo naman ako matatakan,” narinig niyang sabi nito.

Natutop niya ang bibig. Kilala siya nito! So, hindi ito isang ordinaryong hold-up lang! Kidnap for ransom? Maaari.

“Walang tutulong sa iyo kaya’t huwag mo nang pahirapan ang sarili mo.” Narinig pa niyang tumawa nang malutong ang lalaki. Kinilabutan siya. Nasaan na ba ang mga guwardya?

May narinig siyang kaluskos sa kabilang side. Hindi niya alam kung ano, pero ipinagpasalamat niyang tumakbo roon ang lalaki. Just then, nagbukas ang service door ng parking lot. Sa kanyang pinagkukublihan ay sinilip niya kung sino ang lumabas.

Isang lalaking nakasuot ng leather jacket at may bitbit na helmet ang nakita niyang palapit sa kinaroroonan niya. Pumipito pa ito at nilalaro ng daliri ang hawak na susi. Hindi niya masyadong maaninaw ang mukha nito dahil may kadiliman. Pero matangkad ito at may kalakihan ang katawan.

Sumampa ito sa motorsiklo na noon lamang niya napansing nasa tabi pala ng van na pinagtataguan niya. Hindi na siya nag-isip. Just as her assailant emerged from across the lot, umangkas siya sa likod ng motorsiklo ng lalaki.

“What the...!” Gulat na nilingon siya ng nabiglang driver. Yumakap siya nang mahigpit sa baywang nito.

“P-please, h-help me. Ilayo mo ako dito,” she pleaded. Nanginginig na siya sa takot. At para hindi nito marinig ang kanyang pag-iyak ay isinubsob niya ang mukha sa likod nito. Narinig niya ang papalapit na yabag. Takot na siyang lumingon. Paano kung hindi nito paandarin ang motorsiklo? On impulse ay mas lalong humigpit ang pagkakayakap niya sa estranghero. Nakahinga lamang siya nang maluwa nang i-start nito ang makina.

Galing si Glen sa opisina ng matalik na kaibigan na nasa ikatlong palapag ng *Hizon Building*. Napasarap ang kuwentuhan nila at nag-aya pa itong mag-inuman sila sandali. Pumunta sila sa kalapit na bar at doon nagpalipas ng ilang oras. At dahil kotse nito ang ginamit nila ay iniwan na muna niya ang motorsiklo sa basement parking lot. Nagpahatid na lang siya muli nang umuwi na sila.

Akalain ba niyang makaka-pick-up pa siya ng chicks!

Hindi niya maintindihan kung ano ang nag-udyok sa kanya para sundin ang pakiusap ng dalaga. Maybe it was the fear in her voice. And what a sweet voice she had! O baka dahil nadama niya ang pangininginig nito and her muffled sobs. And being the guy that he was, he just couldn't turn his back on a damsel in distress.

Sandali niyang nilingon ang angkas na mahigpit pa ring nakayakap sa kanyang baywang. He kind of like the way she embraced him. Biglang nag-init ang pakiramdam niya.

Namputsa, Glen! Marami ka yatang nainom!

Nakalilis na halos hanggang singit ang suot na miniskirt ng dalaga, nakahantad ang mapuputi nitong hita. Napansin kaagad niya ang malaking galos nito sa tuhod na may bahid pa ng dugo.

Nagsalubong ang mga kilay ni Glen. Maraming katanungan ang naglalaro sa kanyang isip.

Pinaandar pa niya nang mas mabilis ang motorsiklo. The sooner na malaman niya kung sino ito at kung ano ang problema ay mas madali niya itong matutulungan.

Wala pang isang oras nang huminto sila sa isang two-bedroom bungalow. Pinatay niya ang makina ng motorsiklo.

“Miss?” tawag niya sa babae sa likuran. Hindi man lang ito kumilos. Kinabahan siya. “Buhay ka pa ba?”

Umungol ito, nakahinga siya nang maluwag. Hinawakan niya ang mga kamay nitong nakayakap pa rin sa baywang niya. They were soft but cold. Noon pa lamang ito kumilos pahiwalay sa kanya. Funny, pero parang nakadama siya ng kahungkagan nang mawala ang yakap nito.

He dismounted at inalalayan ito patayo. Mabuway ang naging tindig ng dalaga kaya kailangan pa niya itong yakapin. And the action brought him face to face with the most stunning eyes he had ever seen. Ngunit blangko ang tingin nito. At hindi pa rin bumabalik ang normal na kulay ng kutis nito. She was still in shock.

“Miss, okay ka lang ba?” tanong niya na sinagot nito ng isa pang ungol. Bumigat ang katawan nito sa kanyang mga bisig. Unti-unti itong nagpikit ng mga mata. Napamura siya nang pangkuin ang walang malay nitong katawan papasok sa kanyang bahay.

“Kuya, sino siya?” takang tanong ni Ethel nang pagbuksan siya ng pinto at makitang buhat niya ang estranghera. Itinuloy niya ito sa kanyang silid at inihiga sa kama.

“Hindi ko alam, Ethel. Basta na lang siya sumampa sa motorsiklo ko. Parang may tinatakasan,” paliwanag niya sa kapatid.

“Naku, Kuya! Baka kidnap victim ’yan na nakatakas?”

“Maaari.”

“O kaya naman, biktima ng gang rape!”

Nagitla siya sa sinabi nito. His eyes quickly roamed the unknown woman’s body. Lukot ngunit intact pa rin ang suot nitong damit. Wala rin itong suot na sapatos. Ngunit bukod doon, sa nagulong buhok, ilang gasgas at ang galos sa tuhod, ay wala na siyang iba pang makitang sugat sa katawan ng walang malay na babae.

Ngunit ayaw pa rin niyang pakasiguro. Baka nga ni-rape ito at kailangan nila itong dalhin sa ospital.

“Ethel, bihisan mo siya.” May idinagdag pa siya sa iniutos sa kapatid. Kaagad naman itong tumango. Lumabas siya ng silid.

Amoy ng ginisang bawang ang gumising kay Anya kinabukasan. Animo nananaginip pa na niyakap niya ang unan. Kaiba ang amoy niyon, masculine, parang hindi sa kanya. Kagyat siyang nagmulat ng mga mata. Hindi ito ang silid niya.

Saan ako naroon?

Bigla siyang napabangon. Noon lang niya napansin na hindi rin ang usual nightie ang suot niya kundi isang oversized blue t-shirt. Wala siyang suot na bra. Inangat niya ang kumot na tumatabing sa ibabang katawan at napasinghap nang makitang imbis ang *Victoria's Secret* underwear ay isang bagong *So-en* cotton bikini ang suot niya. Hustong patayo siya nang bumukas ang pinto ng silid.

“Gising ka na pala,” nakangiting bati ng lalaking nakayuko sa kanya. Nakayuko dahil halos hanggang balikang siya nito.

My God! Parang Pinoy version ng isang sikat na aktor ang kaharap niya, puwera na medyo mahaba ang buhok nito at may kanipisan ang mga labi. But still, this guy took her breath away.

Tumikhim ito nang mapunang titig na titig siya. She blushed that instant.

“Mabuti naman at bumalik na ang kulay sa mukha mo,” he teased. Inirapan niya ang kaharap upang itago ang kanyang pagkapahiya.

“I-ikaw ba ang nagpalit ng mga damit ko?” tanong niya na lalo pang tumindi ang pamumula. Well, kung ito nga, ibig lang sabihin ay nakita na nito ang lahat ng itinatago niya.

The guy laughed. It was a pleasant sound. “How I wished! Pero huwag kang mag-alala, si Ethel ang nagbihis sa iyo.”

As if on cue ay pumasok ang isang dalagita. “Hi,” magiliw na bati nito.

Ngumiti siya bilang sagot at nakahinga nang maluwag. Nang magtama ang mga mata nila ng matangkad na lalaki ay nanunukso ang ngiti nito.

“Ako nga pala si Glen. Ito naman ang kapatid kong si Ethel,” pakilala nito.

“A-ako si Anya,” nahihiyang pakilala niya sa sarili.

“Ay, Kuya, luto na nga pala ang almusal. Iyon ang sasabihin ko kaya ako pumasok dito.”

Pagkarinig sa salitang almusal ay nagreklamo ang tiyan niya. Kapwa napatawa ang magkapatid.

Nahihiyang nagyuko siya ng ulo.

“Gutom ka na siguro. Mabuti pa’y lumabas ka na para makapag-almusal na tayo.”

“Here.” Iniabot ni Ethel sa kanya ang isang pares ng walking shorts. “Kasya iyan sa iyo.”

Ngumiti siya sa dalagita. “Salamat.”

Iniwan muna siya ng dalawa para magbihis.

“I’m sorry kung kailangan naming hubarin ang suot mo. Wala ka kasing malay kagabi and Ethel thought na baka rape victim ka. I had to be sure kaya inutusan ko siya, to check you,” paliwanag ni Glen pagkatapos nilang kumain.

Piniritong daing, scrambled egg, kamatis na piniga sa patis at sinangag. Not her typical breakfast but the best she ever had.

“N-naiintindihan ko.” May punto ang binata. And they were just trying to help. “I... I wasn’t raped,” she said almost indistinctly.

Napansin kaagad ni Glen ang kanyang pamumutla. Sinalinan nito ng tubig ang kanyang baso.

“Here, inumin mo muna. Namumutla ka na

naman.”

“I... I’m sorry...” aniya sa maluha-luhang tinig.

“It’s okay.” Tinitigan siya nito. “Gusto mo bang sabihin sa akin kung ano ang nangyari?”

Tumango siya. Wala siyang balak na ilihim dito ang lahat.

“P-pauwi na ako. Pasakay na ako ng kotse nang may biglang humablot sa akin. I fought hard hanggang sa makatakas ako. Pero hindi ako makatakbo nang mabilis dahil natumba ako. So I hid instead, doon sa van na katabi ng motorsiklo mo.”

“May idea ka ba kung ano ang pakay nila at kung bakit?” Nagulat siya sa galit na nahimigan sa tinig ng binata. Nang sulyapan niya ito ay madilim ang anyo nito.

“I don’t know! Gusto niya akong ipasok sa isang itim na van. At mag-isa lang siya. Pero kilala niya ako!”

“Namukhaan mo ba?”

Umiling siya. “It was quite dark.”

Kapwa sila natahimik.

“I think may kinalaman dito ang nangyari sa iyo

kagabi, Ate Anya,” bungad ni Ethel na hawak ang *People's Journal* issue para sa araw na iyon.

Inilapag ng dalagita sa harapan nila ang dyaryo na nakabukas na sa page three. Nakapaskil ang blow-up picture niya sa halos kalahati ng pahina, pati na rin ang kanyang full name. May outstanding warrant of arrest siya para sa kasong embezzlement na nagkakahalaga ng sampung milyong piso.

Nanlalaki ang mga mata at di-makapaniwalang tumingin siya kay Glen. Nakakunot din ang noo nito.

“T-this is a m-mistake! Isang malaking kalokohan ito!” histerikal na bulalas niya. Parehong nakatingin sa kanya ang magkapatid. Both eyed her with distrust. Hindi niya inasahan, ngunit nasaktan siya. Lalo na nang mapunang nag-iisip si Glen. Pinag-iisipan na ba nito kung isusuko siya?

Hindi na siya komportable sa pananahimik nito. Binirahan niya ng tayo at pumasok sa silid na ipinahiram sa kanya.

“Anya?” narinig niyang tawag ng lalaki ilang segundo lang. Lihim niyang pinahid ang luha.

“I-it’s a big mistake, Glen!” Naiinis siya at nasasaktan. “H-hindi ako m-magnanakaw!” she sobbed as she said the last word.

Mahalaga sa kanya ang impresyon ni Glen. Mahalaga sa kanya na paniwalaan nito. Kung bakit ay hindi niya masagot.

Naguguluhan siya sa biglang pagbabago ng kanyang buhay. Kung kahapon ay isa siyang iginagalang na presidente ng *Hizon Construction*, ngayon ay isa na lamang siyang magnanakaw na pinaghahanap ng batas.

“We believe you. I believe you.”

Sandaling natigil ang kanyang paghikbi nang marinig ang sinabi ng binata. Kunot-noo niya itong tiningala. Hinila nito ang armchair na nasa sulok upang makaupo paharap sa kanya. Hinawakan nito ang nanginginig niyang mga kamay.

For some brief moments, pansamantalang nawala sa isip niya ang problemang kinakaharap. Gusto niya ang mabining pisil ng mga palad ni Glen. Gusto niya ang init na nagmumula rito. He made her feel safe and calm. At lihim niyang nahiling na sana ay hindi lamang mga kamay niya ang hawakan nito. It made her blush.

“May ideya ka ba kung sino ang posibleng may pakana nito?”

Sumagi sa isip niya si Lemuel. “I’m not sure.

P-pero...”

“Anya...” Muli nitong pinisil ang mga kamay niya. Napatitig siya sa mga mata nito. “Do you trust me enough to tell me everything?”

I trust you with my life, sabi ng puso niya.

She nodded.

“Then makikinig ako.”

Inumpisahan niya sa pagtatapat sa binata kung sino siya. Inilahad niya rin ang mga natuklasan niyang anomalya sa loob ng kompanya at kung sino ang pinaghihinalaan niya. All the while ay attentive itong nakinig, nakatutok ang pansin nito sa mukha niya. Panay rin ang haplos nito sa kanyang mga kamay.

3

“Posible ngang itong Lemuel na sinasabi mo ang mastermind ng lahat. Pati na rin ang tangkang pagkidnap sa iyo kagabi,” konklusyon ni Glen.

“Tingin mo, may kaugnayan iyon sa kasong ibinibintang nila sa akin?”

Tumayo ang binata at nanungaw sa bintana. Sinundan niya ng mata ang bawat kilos nito.

“Posible. Baka gusto niyang palabasin na tumakas ka dahil ikaw ang nagnakaw ng pera. Kung mawawala ka nga naman, aakalain ng lahat na guilty ka talaga.”

“Pero nag-request pa ako ng audit sa kompanya. That alone speaks na hindi ako nagnanakaw! Else, why will I suggest something that will incriminate me?”

“Hindi na mahalaga iyon ngayon dahil naunahan ka na. And I doubt kung mangyayari pa ang audit na ni-request mo.”

She stubbornly lifted her chin. Mas lumamang ang galit sa puso niya, and the desire to unravel the

truth.

“Well, hindi siya nagtagumpay dahil malaya pa rin ako.” Sukat sa sinabi ay tumayo siya. “Nasaan ang mga damit ko?”

Naningkit ang mga mata ni Glen. “Ano’ng binabalak mo?” he asked in a dangerous tone.

“Magsusumbong ako sa mga pulis. Sasabihin ko sa kanila ang totoo.”

To her surprise ay tumawa nang mapang-uyam ang kaharap.

“And do you think na paniniwalaan ka nila? Anong proof ang p’wede mong ipakita sa kanila, Anya?”

Natigilan siyang bigla.

“Kung lalabas ka ng bahay na ito, it’s either you’d end up in jail... or dead!”

Kinilabutan siya sa huling sinabi ng binata.

“Embezzlement is a premeditated act, Anya. So is kidnapping. Ibig sabihi’y matagal itong pinlano. At kung si Lemuel nga ang may kagagawan, I’m sure hindi siya nag-iisa. At kung sino pa man ang kasama niya, I’m sure alam na nilang nakatakas ka. I don’t

want to scare you, pero natitiyak kong hinahanap ka na nila.”

No! Nanghihinang napaupo siya sa kama. Hindi nag-iisa? Hindi kaya... Cleo!

Pero kapatid niya si Cleo. *And she hates me!* Sapat na ba iyon para naisin nitong ilagay sa panganib ang buhay niya?

“By that look on your face, tiyak kong kilala mo na rin kung sino ang posibleng kasabwat ni Lemuel.”

Hindi siya umimik. But the worry on her face was proof enough. Umupo si Glen sa tabi ng dalaga at kinabig siya. He could feel her shiver.

“A-ano’ng gagawin ko, Glen?” naiiyak na tanong niya.

Hindi alam ni Glen kung paano iko-console ang dalaga. She looked helpless. There was this yearning inside of him to enclose her in his arms, to never let her go. Kung iyon lang ang paraan para mapanatag ito. But doing that could also scare her. At ayaw niyang pati siya ay katakutan ng dalaga.

Nakontento na lamang siyang akbayan ito.

“Don’t worry, narito lang ako. Hindi kita pababayaan.”

She made a humorless chuckle. "You could be in danger too. Hindi mo ba naisip iyon?"

Naisip na niya iyon. Posible ngang nakita ng assailant nito ang plaka ng motor niya. At madali na nitong ma-trace kung saan siya nakatira.

"I can take care of my self, Anya. Kaya kong protektahan ang pamilya ko. And just last night, you've become family."

It was enough assurance for Anya. Isinandal nito ang ulo sa balikat niya.

Family... now that's interesting! Paano niya ngayon pakikisamahan si Anya? Katulad ng sa isang nakababatang kapatid?

Hell! The kiss he wanted to give her was nowhere near brotherly!

Naglalakad si Cleo sa pasilyo nang may biglang humila sa kanya, ipinasok siya sa isang bakanteng opisina. Hindi na siya nagulat nang makitang si Lemuel iyon. Malapad ang pagkakangiti nito.

"You're a genius, Cleo!"

Nagtatakang tinitigan niya ito. "Ano ba ang

pinagsasabi mo?”

Nawala ang ngiti nito. Bumalik ito sa mesa at dinampot ang isang dyaryo at iniabot sa kanya.

“Hindi ba’t ikaw ang may pakana niyan?”

Binasa niya ang ad na itinuro nito. Sa halip na matuwa ay nagsalubong ang mga kilay niya.

“Wala akong kinalaman dito.”

“Ha?”

“P-pero sino’ng...?”

“Ako!” sabad ng tinig na gumulat sa kanila.

“K-Kuya Mark?”

Pumasok si Mark at ini-lock ang pinto.

“Ikaw ang nagpa-post nito?” Kaswal na tumango ang lalaki na umupo pa sa swivel chair at nagdekuwatro. “P-pero bakit?”

“Dahil natuklasan kong nagnanakaw siya ng pera sa kompanya. You’re right, Cleo. Pirma niya ang nasa voucher ng mga tseke. At pineke nga niya ang mga resibo.”

Cleo couldn’t be fooled. Hindi siya tanga. Alam niyang nagsisinungaling ang kapatid. Matagal na

siyang naghihinalang alam nito ang anomalyang ginagawa nila ni Lemuel. But he turned a blind eye, hanggang sa si Anya na nga ang humawak sa posisyon ng presidente. Nang mag-imbestiga ang kapatid ay gumawa ng sariling paraan ang lalaki upang ipasa kay Anya ang kasalanan. Kung bakit ay iyon ang kanyang aalamin.

“Lemuel, p’wede bang iwan mo muna kami ni Kuya Mark?”

“At bakit naman? Kung may plano pa kayong iba, dapat ay alam ko din!”

Natigil ang pagrereklamo ni Lemuel nang titigan niya ito nang matalim. Inis na lumabas ito ng silid. Muli niyang ini-lock ang pinto nang makalabas ito saka hinarap ang kapatid.

“Now tell me, ano’ng pakulo ito?”

Nagkibit-balikat ang binata. “I just told you.”

Napamura siya. “Come on, Kuya, alam kong alam mo na kung ano talaga ang nangyayari. Now tell me kung bakit mo pine-frame-up si Anya.”

Ngumisi ito at tumayo. “Iyan ang gusto ko sa iyo, Cleo. Matalino ka talaga.”

She smiled wickedly. “Magkapatid tayo, hindi

ba?"

Lumapad ang pagkakangisi ni Mark. "Doon tayo sa opisina ko. Sasabihin ko sa iyo ang lahat ng gusto mong malaman."

Inakbayan siya nito at sabay silang lumipat sa opisina nito. Hours later, Cleo left with a satisfied gleam in her eyes.

"Andi? Nariyan sa ibaba si Glen," tawag ni Yaya Midas.

Si Glen? Akala ko ba'y nasa Dubai ang lalaking iyon? takang tanong nito sa sarili. "Sige ho, Yaya. Bababa ho ako."

Andi smiled to herself. Excited itong makita muli ang kaibigan. Tiningnan muna nito ang sarili sa salamin, smiled at her bulging belly, bago bumaba. Nakita nitong nakaupo ang lalaki sa sofa.

"Glen!"

Nag-angat siya ng ulo at tumayo. Malapad ang pagkakangiting sinalubong niya ito sa puno ng hagdanan.

"Hello, Andi!"

Yumakap ito sa kaibigan. “Kumusta ka na? Ang akala ko’y nasa Dubai ka?”

“Kauuwi ko lang.”

Tinaasan siya nito ng kilay. “Kailan?”

Glen smiled guiltily. “Last month.”

Namilog ang mga mata nito. Kunwa’y galit na pinamaywangan siya nito. “Last month? At ngayon mo lang ako naalalang dalawin?”

Nagkamot siya ng ulo at alanganing ngumiti. “Actually... kailangan ko kasi ang tulong mo kaya ako narito.”

“Gan’un?” mataray na tanong nito.

“Andi naman, huwag mo na akong awayin. Sige ka, ikaw din baka pumangit iyang baby mo,” nguso niya sa maumbok nitong tiyan. Binatukan siya nito.

“Ikaw talaga, puro ka kalokohan!” Muli sana siya nitong babatukan.

“Oh, tama na. Umaabuso ka na!” Itinaas niya ang dalawang kamay upang salagin ang kanyang atake. Kapwa pa sila napatawa. Inalalayan ito ng binata paupo sa sofa.

“Bakit nga ba ngayon ka lang napasyal?”

“As if naman, welcome ako dito! Takot ko lang na umbagin ng asawa mo.” Napahalakhak ito sa kunwa’y takot na ipinakita niya. Alam nitong nagbibiro lamang siya.

Andi gazed fondly at her friend. There was a time na akala niya ay mag-e-evolve sa higit pa sa pagkakaibigan ang relasyon nila. But she met Dylan and fell in love with him instead.

During those times na hindi pa nila alam ni Dylan na mahal nila ang isa’t isa ay madalas itong pagselosan ng kanyang asawa. Ngunit sa bandang huli ay si Glen pa ang tumulong upang matagpuan siya ni Dylan nang umalis siya sa poder ng huli. And since then they had become friends. At ninong pa si Glen ng panganay nilang si Justine.

“Nasaan na nga pala ang magaling mong asawa? At ang inaanak ko?” untag niya.

“Nasa opisina pa si Dylan. Si Justine nama’y kasama ni Grandma Eve.”

Kontento siyang tumango.

“Eh, ikaw, kailan ka naman mag-aasawa?” tanong ni Andi.

“Depende,” simpleng sagot niya.

“Depende saan? Sa ipon mo?”

Hindi mayaman si Glen. Ngunit masipag siya at maabilidad, bukod pa sa likas na matalino. Mula sa pagiging ordinaryong draftsman ay iginapang niya ang pag-aaral para maging architect. Isang taon matapos ikasal sina Andi at Dylan ay napagtapos niya ang sarili with honors. Kaagad siyang nakakuha ng magandang trabaho abroad.

Napakasuwerte ng babaeng magiging kapalaran niya, naisip ni Andi.

“Depende kung bigla kang magkakaroon ng kakambal.”

Pabiro iyong sinabi ni Glen kaya natawa ito. Pero bigla siyang natigilan at nakatitig lang dito. She raised one brow in wonder.

“Glen?” Hindi siya natinag. Mistula siyang nasa trance. Ipinitik nito ang daliri sa harap ng mukha niya. “Hoy!”

“Ha?” Saka lang siya biglang nagising.

“Bigla ka kasing natulala. Sino ba ang iniisip mo?”

Umiling siya at biglang yumuko but not quick enough para maitago niya ang pamumula.

“Wala. M-may naalala lang ako.”

Lalong nag-arko ang kilay ni Andi. Curious siya kung sino ang biglang naalala ni Glen. Sino, dahil tiyak niyang tao ang iniisip nito. Pero minabuti niyang huwag munang mangulit. Kilala niya ang lalaki. Napaka-secretive nitong tao. Kung mayroon itong gustong sabihin sa kanya ay kusa itong magkukuwento.

“So, ano na nga iyong tulong na hihingin mo?”

Nag-ring ang cellphone ng binata bago pa man makasagot.

“Hello? Ethel? Bakit, ano’ng problema?”

Nakita ni Andi na nagdilim ang mukha ng kaibigan. Nag-isang linya ang mga labi niya.

“Where is she?” tanong niya sa kapatid.

She? Hmm... mukhang lalong nagiging interesante ang mga pangyayari. Andi smiled to herself.

“Sige, pauwi na ako. Sabihin mong huwag siyang lalabas ng room. At huwag ka ding pumayag na maghalughog ang mga pulis.”

Pulis? Teka muna...

Hinintay nitong matapos ang pag-uusap ng magkapatid bago muling tinanong ang kaibigan.

“Glen, ano’ng nangyayari? Bakit may narinig akong pulis?”

“I’m sorry, Andi. I can’t explain right now. Kailangan kong umuwi.” Naglalakad siya palabas habang nagsasalita. Nakasunod naman ito sa kanya. “Babalik na lang ako dito mamaya. At sasabihin ko sa iyo ang lahat.”

Before she could even comment, nakasampa na siya sa motorsiklo at pinaharurot ang sasakyan palayo. Naiiling na sinundan na lamang siya nito ng tingin.

Mabuti na lamang at sa Parañaque lang nakatira sina Andi at Dylan. At mabuti na lamang din at walang mga traffic aides. Nagawang patakbuhi ni Glen nang higit sa speed limit ang kanyang motor. Wala pang beinte minutos ay nasa bahay na siya. Nadatnan niyang may isang police mobile na nakaparada sa tapat ng bahay nila. Dalawang pulis ang kaagad na sumalubong sa kanya pagbaba niya ng motor.

“Ikaw ba si Glen del Rosario?” anang isa.

“Ako nga. May maipaglilingkod ba ako sa inyo?”

Tumingin ang nagtanong sa kasama. Inilabas naman nito ang isang picture ni Anya.

“May nakapag-report sa amin na nakita kang kaangkas ang babaeng ito sa motor.”

So tama ang hinala niya. Malamang ay ang mismong assailant ni Anya ang nagtimbre sa mga pulis. O kaya ay kung sinuman ang nag-utos dito.

Kunwa’y tinitigan niya ang larawan, matagal.

“Ito?” aniyang kunwari ay nagulat. “You mean, ganito kaganda iyong babaeng bigla na lang nakiangkas sa motor ko?”

Nagkatinginan ang dalawang pulis.

“Akalain mo nga naman!”

“So nakilala mo nga ang babaeng iyan?”

Napangiwi siya. “Pasensya na kayo, mga pare. Di ko tiyak kung siya nga ’yun. Pero may babae nga na biglang umangkas sa motor ko kagabi, humingi ng tulong dahil may humahabol daw sa kanya. ”Tapos may nakita nga akong lalaki na may takip ang mukha na palapit sa amin. Natakot na din ako kaya pinaandar ko na ang motor ko palayo.”

“Saan mo siya ibinaba?”

“Doon sa Evangelista. Ang bilis ngang nawala. Ni hindi man lang nagpasalamat.” Tumingin siya sa dalawang pulis. “May kaso ba ang babaeng iyan?”

Sa halip na sagutin siya ay sinabi ng isa, “Maaari ba kaming pumasok sa bahay mo?”

He crossed his arms on his chest. Pumormal ang kanyang anyo. “Bakit?”

“Gusto lang naming makasiguro, Mr. del Rosario. May warrant of arrest para sa babaeng ito...”

“So, balak ninyong maghanap sa loob. Iniisip ninyong itinatago ko siya, gan’un ba?”

“Ginagawa lang namin ang trabaho namin.”

“May search warrant ba kayo?”

Nag-atubili ang dalawa, pero sumagot iyong medyo mayabang ang dating. “Mr. del Rosario, wala kang dapat ikatakot kung wala kang itinatago.” Nakangisi ito at puno ng kumpiyansa na masisindak siya. Ngumisi rin siya, mas malapad at mas mapanganib.

“Alam ninyo, Officers...?” Tiningnan niya ang nameplates ng dalawa. “Officers Magno and Cruz, hindi naman sa pinagbabawalan ko kayo dahil may itinatago ako. Pero mali yatang i-invade n’yo ang

privacy ng pamilya ko sa paraang hindi naaayon sa tamang proseso ng batas.” Sadya niyang binigyang-diin ang huling sinabi. “Sinabi ko na sa inyo ang nalalaman ko. Ngayon, kung hindi kayo naniniwala at mag-i-insist pa rin, I can always call my lawyer.” Kinuha pa niya ang cellphone sa bulsa. Nakita niyang nag-atubili ang dalawa at lihim na nagpalitan ng sulyap.

“Babalik na lamang kami, Mr. del Rosario.”

“Welcome kayo dito anytime, Officers. With the right papers, of course!” nakuha pa niyang idagdag. Walang imik na sumakay ang dalawang alagad ng batas sa police car. Hinintay pa muna niyang makaalis ang mga ito bago siya pumasok ng bahay, sinara at ini-lock ang pinto.